

**LUNGSOD NG LEMOORE**  
**PATAKARAN SA PAGPUTOL NG SERBISYO NG TUBIG SA TIRAHAN**

**1. Layunin**

Ang patakarang ito ay itinatag upang sumunod sa Senate Bill 998, na kilala bilang “Water Shutoff Protection Act” at inaprubahan ng Gobernador noong Setyembre 28, 2018 (California Health and Safety Code Sections 116900, et seq.). Ang Patakarang ito ay makukuha sa website ng Lungsod ng Lemoore. Maaaring tawagan ang Utility Billing Department ng Lungsod sa pamamagitan ng telepono sa (559) 924-6744 ekstensyon 715 upang talakayin ang mga opsyon para sa pag-iwas sa pagwawakas ng serbisyo ng tubig para sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga tuntunin ng patakarang ito.

**2. Petsa ng Bisa**

Ang patakarang ito ay magkakabisa sa Pebrero 1, 2020.

**3. Mga Nalathalang Wika**

Ang patakarang ito at mga nakasulat na abiso na kinakailangan sa patakarang ito ay makukuha at mailalathala sa Ingles, ang mga wikang nakalista sa Seksyon 1632 ng Civil Code, na kinabibilangan ng Spanish, Chinese, Tagalog, Vietnamese, at Korean, at anumang iba pang wikang sinasalita ng hindi bababa sa 10 porsyento ng mga taong naninirahan sa lugar ng serbisyo ng tubig ng Lungsod.

**4. Kinakailangan Bago ang Pagputol ng Serbisyo ng Tubig sa Tirahan**

- A. Hindi dapat ihinto ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa tirahan dahil sa hindi pagbabayad hanggang sa ang isang kostumer ay nadelingkuwente nang hindi bababa sa 60 araw. Dapat makipag-ugnayan ang Lungsod sa kostumer na nakapangalan sa account sa pamamagitan ng telepono o nakasulat na paunawa nang hindi bababa sa pitong araw ng negosyo bago ihinto ang serbisyo ng tubig sa tirahan dahil sa hindi pagbabayad,
- B. Kapag nakipag-ugnayan ang Lungsod sa kustomer na nakapangalan sa account sa pamamagitan ng telepono alinsunod sa ibabang bahagi ng talata (A), dapat mag-alok ng nakasulat na patakarang ang kawani sa kustomer. Ang mga kawani ng lungsod ay dapat mag-alok ng pagkikipag-usap para talakayin ang mga opsyon upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga alternatibong iskedyul ng pagbabayad, pagpapaliban na mga pagbabayad, pinakamababang pagbabayad, mga pamamaraan para sa paghiling ng amortisasyon ng hindi nabayaranang balanse, at petisyon para sa pagrepasso at pag-apela sa bayarin.
- C. Kapag nakipag-ugnayan ang Lungsod sa kustomer na nakapangalan sa account sa pamamagitan ng nakasulat na abiso alinsunod sa ibabang bahagi ng talata (A), ang nakasulat na abiso ng pagkadelingkuwensiya sa pagbabayad at napipintong pagputol ay ipadadala sa kustomer sa kanilang address sa tala. Kung ang address ng kustomer ay hindi ang address ng gusali kung saan ibinibigay ang serbisyo ng tubig, dapat ding ipadala ang abiso sa address ng gusali kung saan ibinibigay ang serbisyo ng tubig, na naka-address sa "Kasalukuyang Naninirahan." Dapat kasama sa paunawa, ngunit hindi limitado sa, ang lahat ng sumusunod na impormasyon sa isang malinaw at nababasang format:

- (i) Pangalan at tirahan ng kustomer.
- (ii) Ang halaga ng pagkadelingkuwensya.
- (iii) Ang petsa kung kailan kailangan ang bayad o areglo ng pagbabayad upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo ng tubig sa tirahan, na dapat ay 60 araw mula sa petsa na ang bayarin ay naging delingkwente maliban kung pinatagal ayon sa pagpapasya ng General Manager.
- (iv) Paglalarawan ng proseso upang mag-aplay para sa palugit na oras ng pagbabayad sa mga delingkwenteng bayarin.
- (v) Paglalarawan ng proseso ng pagpetisyon para sa pagrepaso at pag-apela sa bayarin.
- (vi) Paglalarawan ng pamamaraan kung saan maaaring humiling ang kustomer ng pagpapaliban, pagbawas, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad, kabilang ang amortisasyon ng mga delingkwenteng bayarin sa serbisyo ng tubig sa tirahan.
- (vii) Ang numero ng telepono ng Lungsod at link ng web ng nakasulat na patakaran ng Lungsod.

## **5. Mga Kinakailangan sa Sinserong Pag-abiso**

- A. Kung ang Lungsod ay nabigong makipag-ugnayan sa kustomer o isang nasa hustong gulang na nakatira sa tirahan sa pamamagitan ng telepono, at ang sulat na abiso ay bumalik sa koreo bilang “undeliverable”, ang Lungsod ay dapat gumawa ng sinserong pagsisikap na bisitahin ang tirahan at mag-iwan, o gumawa ng ibang paraan upang maglagay sa isang kitang-kitang lugar ng isang abiso ng napipintong pagputol ng serbisyo ng tubig sa tirahan dahil sa hindi pagbabayad, at ang patakaran ng Lungsod patungkol sa pagputol ng serbisyo ng tubig sa tirahan dahil sa hindi pagbabayad.
- B. Kung ang kustomer ay humihingi ng pagsusuri o apela sa kanilang bayarin, ang kustomer ay dapat makipag-ugnayan sa Lungsod bago ang takdang petsa ng pagbabayad at ang Lungsod ay mag-iimbestiga. Kung ang pagsisiyasat ay hindi magresulta sa isang resolusyon na katanggap-tanggap sa kustomer, ang kustomer ay maaaring humingi ng pagsusuri sa Assistant City Manager at pagkatapos ay maaaring umapela sa Konseho ng Lungsod. Magbibigay ang Lungsod ng sulat na abiso ng oras at lugar ng apela nang hindi bababa sa pitong (7) araw bago ang pulong ng Konseho ng Lungsod. Ang desisyon ng Konseho ng Lungsod ay pinal. Hindi dapat ihinto ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa tirahan habang nakabinbin ang apela.

## **6. Pagbabawal sa Pagputol ng Serbisyo ng Tubig sa Tirahan**

- A. Hindi dapat ihinto ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa tirahan dahil sa hindi pagbabayad kung ang lahat ng sumusunod na kondisyon ay natutugunan:
  - (I) Ang kustomer, o isang nangungupahan sa kustomer, ay nagsumite sa Lungsod ng sertipikasyon ng pangunahing manggagamot, dahil ang terminong iyon ay tinukoy sa ibabang talata (A) ng talata (1) ng subdivision (b) ng Seksyon 14088 ng Welfare and Institutions Code, na ang pagputol ng serbisyo ng tubig sa tirahan ay magiging banta sa buhay, o magdulot ng seryosong banta sa kalusugan at kaligtasan ng isang residente ng lugar kung saan ibinibigay ang serbisyo ng tubig sa tirahan.

- (II) Ipinakita ng kustomer na hindi niya kayang magbayad sa pananalapi para sa serbisyo ng tubig sa tirahan sa loob ng normal na siklo ng pagsingil ng Lungsod. Ang kustomer ay ituring na hindi kayang magbayad sa pananalapi para sa serbisyo ng tubig sa tirahan sa loob ng normal na siklo ng pagsingil ng Lungsod kung ang sinumang miyembro ng sambahayan ng kustomer ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Karagdagang Kita sa Seguridad/Programa ng Karagdagang Pagbabayad ng Estado , o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o idineklara ng kustomer na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na antas ng kahirapan.
  - (III) Ang kustomer ay handang pumasok sa isang kasunduan sa amortisasyon, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o isang plano para sa pagpapaliban o pagbawas ng bayad patungkol sa lahat ng mga delingkwenteng bayarin.
- B. Kung ang lahat ng mga kundisyong nakalista sa itaas ay natugunan, ang Lungsod ay mag-aalok sa kustomer ng isa o higit pa sa mga sumusunod na opsyon:
- (i) Amortisasyon ng hindi nabayaranang balanse.
  - (ii) Pakikilahok sa isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad.
  - (iii) Isang bahagya o buong pagbawas ng hindi nabayaranang balanse na pinondohan nang walang karagdagang mga singil sa ibang mga nagbabayad ng rate.
  - (iv) Pansamantalang pagpapaliban ng pagbabayad.
- C. Ang Assistant City Manager ay awtorisadong tukuyin kung alin sa mga opsyon sa pagbabayad na inilarawan sa talata 6.B ang gagawin ng kustomer at maaaring magtakda ng mga parameter ng opsyon sa pagbabayad na iyon sa kondisyon na ang pagbabayad ng anumang natitirang balanse ay magaganap sa loob ng 12 buwan, at higit pang ibinigay na ang Katulong na Tagapamahala ng Lungsod ay maaari lamang mag-apruba ng isang bahagya o buong pagbawas ng hindi nabayaranang balanse kung ang pagbawas na iyon ay maaaring pondohan ng mga kita ng pangkalahatang pondo na inaprubahan at inilipat ng Konseho ng Lungsod sa badyet ng Pondo ng Tubig para sa layunin ng paggawa nito.
- D. Maaaring ihinto ang serbisyo ng tubig sa tirahan nang hindi lalampas sa 5 araw ng negosyo pagkatapos na mag-post ang Lungsod ng panghuling abiso ng layuning putulin ang serbisyo sa isang kilala at tanyag na lokasyon sa ilalim ng alinman sa mga sumusunod na pangyayari:
- (I) Nabigo ang kustomer na sumunod sa isang kasunduan sa amortisasyon, isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o isang pagpapaliban o pagbabawas sa plano ng pagbabayad para sa mga delingkwenteng bayarin sa loob ng 60 araw o higit pa.
  - (II) Habang nagsasagawa ng kasunduan sa amortisasyon, isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o isang pagpapaliban o pagbabawas sa plano ng pagbabayad para sa mga delingkwenteng bayarin, hindi binabayaran ng kustomer ang kanyang kasalukuyang mga bayarin sa serbisyo ng tubig sa tirahan sa loob ng 60 araw o higit pa.

## **7. Pagpapanumbalik ng Serbisyo sa Tubig**

- A. Kung itinigil ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa tirahan dahil sa hindi pagbabayad, dapat itong magbigay sa kustomer ng impormasyon kung paano ibabalik ang serbisyo ng tubig sa tirahan. Para sa isang residensyal na kustomer na nagpatotoo sa Lungsod na ang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na linya ng kahirapan, dapat gawin ng Lungsod ang sumusunod:
- (I) Itakda ang bayad para sa muling pagkonekta ng serbisyo sa mga normal na oras ng operasyon sa halagang hindi lalampas sa limampung dolyar (\$50), o ang aktwal na halaga ng muling pagkonekta kung ito ay mas mababa. Para sa muling pagkonekta ng serbisyo ng tubig sa tirahan na gagawin sa mga hindi oras ng operasyon, ang Lungsod ay magtatakda ng bayad para sa muling pagkonekta ng serbisyo na hindi lalampas sa isang daan at limampung dolyar (\$150), o ang aktwal na halaga kung ito ay mas mababa. Ang pinakamataas na halaga na \$50 para sa muling pagkonekta sa mga oras ng operasyon at \$150 sa mga hindi oras ng operasyon ay sasailalim sa taunang pagsasaayos para sa mga pagbabago sa Consumer Price Index simula Enero 1, 2021. Gagamitin ng Lungsod ang pamantayan ng mga lugar ng Los Angeles at San Francisco para sa pagtukoy ng pagtaas sa Consumer Price Index.
  - (II) Huwag singilin ang interes sa mga delingkwenteng bayarin nang isang beses sa bawat 12 buwan.
- B. Ituturing ng Lungsod ang isang residenteng kustomer ay may sambahayang kita na mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na linya ng kahirapan kung ang sinumang miyembro ng sambahayan ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o idineklara ng kustomer na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na antas ng kahirapan.

## **8. Mga Serbisyonang Kabilang ang Relasyon ng Nagpapaupa at Nangungupahan**

- A. Kung ang Lungsod ay nagbibigay ng indibidwal na metro ng residensyal na serbisyo ng tubig sa mga residenteng nakatira sa hiwalay na bahay na pang-isahang pamilya, isang istrukturang multi-unit, at mobile home, at ang may-ari, tagapangasiwa, o operator ng tirahan, istruktura, o parke ay ang kustomer na nakatala, dapat gawin ng Lungsod ang lahat ng makakaya upang ipaalam sa mga nakatira sa bahay, sa pamamagitan ng sulat na abiso, kung ang account ay may atraso, na ang serbisyo ay puputulin nang hindi bababa sa 10 araw bago ang pagputol. Dapat ding ipaalam ng sulat na abiso sa mga nakatira sa bahay na sila ay may karapatang maging mga kustomer na siyang sisingilin nang hindi kinakailangang magbayad ng anumang halaga na maaaring isingil sa delingkwenteng account.
- B. Hindi dapat ibigay ng Lungsod ang serbisyo sa mga naninirahan maliban kung ang bawat nakatira sa tirahan ay sumasang-ayon sa mga tuntunin at kundisyon ng serbisyo at nakakatugon sa mga kinakailangan ng batas at mga ordinansa, resolusyon, tuntunin at regulasyon ng Lungsod. Gayunpaman, kung ang isa o higit pa sa mga nakatira sa

residensyal ay handa at kayang tanggapin ang responsibilidad para sa mga susunod na bayarin sa account, sa ikasisiya ng Lungsod, kabilang ang mga rekwayment na maaaring kasama ang, ngunit hindi limitado sa, pagbabayad ng deposito na \$180 at pagkumpleto ng aplikasyon sa Lungsod para sa serbisyo, upang masuri ng Assistant City Manager, o ng itinalagang kawani, kung matutugunan ng mga residenteng aplikante ang mga tuntunin at kundisyon ng serbisyo, o kung mayroong pisikal na paraan na legal na magagamit ng Lungsod upang piliing putulin ang serbisyo sa mga residenteng hindi nakatutugon sa mga nais ng Lungsod, dapat magbigay ng serbisyo ang Lungsod sa mga residenteng makakatugon sa mga tuntunin at kundisyon ng serbisyo.

## **9. Mga Kinakailangan sa Pag-uulat**

Taun-taon na iuulat ng Lungsod ang bilang ng mga pagputol ng serbisyong pantirahan dahil sa kawalan ng kakayahang magbayad sa website ng Lungsod at sa State Water Resources Control Board.

## **10. Mga Limitasyon ng Patakarang ito**

Walang anuman sa patakarang ito ang naghihigpit, naglilimita o kung hindi man ay sumisira sa kakayahan ng Lungsod na wakasan ang serbisyo sa isang kustomer sa kadahilanan maliban sa mga tahasang nakasaad sa patakarang ito, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, hindi awtorisadong mga aksyon ng kustomer.

## **11. Maaring mag-apela ang mga kustomer sa halagang sinisingil sa anumang bayarin para sa serbisyo ng tubig sa tirahan.**

A. Ang kustomer ay may karapatang magpasimula ng apela sa anumang singilin o bayarin na ibinigay ng Lungsod. Ang nasabing kahilingan ay dapat gawin sa pamamagitan ng sulat at maihatid sa opisina ng Lungsod nang hindi lalampas sa labinlimang araw pagkatapos maipaabot ang bayarin o singilin. Ang mga apela ay diringgin ng Assistant City Manager. Hindi ihihinto ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa kustomer sa panahong pinoproseso ang apela.